

Sagot sa Mga Katanungan para sa mga Dayuhang Tripulanteng Lalahok sa
Pagsasanay Para sa Opisyal ng mga Tripulante
Para sa mga Dayuhang Tripulante

1. Ano ang mga benepisyong matatanggap ng mga dayuhang tripulanteng lalahok sa pagsasanay para sa opisyal ng mga tripulante?

Sagot:

- (1) Maaaring matalaga bilang opisyal ng mga tripulante, maliban sa pagiging kapitan, ang mga dayuhang tripulante kapag nakakuha sila ng karapatang sertipiko ng pagsasanay ayon sa kanilang posisyon at kategorya.
- (2) Matapos makuha ng mga dayuhang tripulante sa mga sasakyang pangisda sa malapit na karagatan ang kanilang sertipiko ng pagsasanay, kinakailangang mag-aplay ang kanilang amo/tagapag-emplo na ilipat ang dayuhang tripulante sa intermediate skilled worker (ang plano para sa pangmatagalang pagpapanatili sa mga may kasanayan na dayuhang manggagawa) alinsunod sa batas, kung saan rinerenew ang kontrata kada tatlong (3) taon at walang limitasyon sa dami ng beses, at hindi nabibilang sa restriksyon na hindi lalampas sa 12 taong ang pagtatrabaho ng mga manggagawang nasa pangisdaan ng karagatan ng Taiwan. Upang makapag-aplay para malipat sa intermediate skilled worker, kinakailangang matugunan ang isa sa mga sumusunod na salik upang makapasok sa intermediate level na trabaho:

a. Ang mga kasalukuyang nagtatrabaho at patuloy na nagtatrabaho nang higit sa anim (6) na taon.

b. Ang mga manggagawang nagtatrabaho ng pinagsamang anim (6) na taon o higit pa na lumabas ng bansa at bumalik muli ng Taiwan upang magtatrabaho, ang panahon ng kanilang pagtatrabaho ay alinsunod sa itinakdang haba ng panahon ng Artikulo 52 ng Employment Services Act (12 taon para sa industriya ng pangigisda sa karagatan).

c. Ang mga tripulanteng nagtatrabaho sa Taiwan at ang kanilang kabuuang haba ng panahon ng pagtatrabaho ay alinsunod sa itinakda ng Artikulo 52 ng Employment Services Act (12 taon para sa industriya ng pangigisda sa karagatan), at nakalabas na ng Taiwan.

- (3) Maaaring tumungo sa “Espesyal na Pahina para sa Impormasyon Tungkol sa Programang Pagpapanatili ng mga Intermediate Skilled Workers” sa website ng Ministeryo ng Paggawa sa:
[https://fw.wda.gov.tw/wda- employer/home/mid-foreign-labor](https://fw.wda.gov.tw/wda-employer/home/mid-foreign-labor) para sa

pangmatagalang pagpapanatili ng mga may kasanayan na dayuhang manggagawa.

2. Aling mga pagsasanay para sa opisyal ng mga tripulante ang maaaring salihan ng mga dayuhang tripulante? Pagkatapos makumpleto ang pagsasanay, kaagad bang makakakuha ng katibayan o sertipiko ng pagsasanay para sa opisyal ng mga tripulante?

Sagot:

- (1) Ang mga dayuhang tripulante ay maaaring lumahok sa panimulang antas ng pagsasanay para sa opisyal ng mga tripulante tulad ng second class officer sa larangan ng pangingsda at nabigasyon, first class engineer at second class chief engineer sa larangan ng engineering. Matapos makumpleto ang kurso sa pagsasanay at makapasa sa pagsusulit, ang Fisheries Agency ang magsusuri at maglalabas ng sertipiko ng pagkumpleto ng pagsasanay. Matapos makuha ang sertipiko ng pagkumpleto ng pagsasanay, kung nagkaroon ng tatlong (3) taong pataas na pagtatrabaho sa larangan kung saan kumuha ng pagsasanay ang dayuhang tripulante sa sasakyang pangisda ng Taiwan, maaari itong mag-aplay ng naturang sertipiko ng pagsasanay para sa opisyal ng mga tripulante.
- (2) Ang mga nakatapos ng pagsasanay at kwalipikado para sa pagsasanay para sa mataas na antas ng opisyal ng mga tripulante tulad ng first class officer at first class chief engineer ay maaaring patuloy na lumahok sa mataas na antas ng pagsasanay para sa opisyal ng mga tripulante.

3. Anong mga kwalipikasyon ang kinakailangan ng mga dayuhang tripulante upang makalahok sa pagsasanay para sa opisyal ng tripulante?

Sagot:

- (1) Mga dayuhang tripulante ng mga barkong pangisda sa malapit na karagatan: Pumasa sa panimulang antas o mas mataas pa sa National Chinese Proficiency Test at nagtrabaho sa isang Taiwanese na sasakyang pangisda ng higit sa isang (1) taon, o nagtrabaho sa isang Taiwanese na sasakyang pangisda ng higit sa dalawang (2) taon at marunong magsalita ng Tsino at Taiwanese. Sila ay maaaring lumahok sa pagsasanay para sa mga opisyal ng mga tripulante na nakalaan para sa mga Taiwanese.
- (2) Ang mga nakatapos ng pagsasanay at kwalipikado para sa pagsasanay para sa mataas na antas ng opisyal ng mga tripulante tulad ng first class officer at first class chief engineer ay maaaring patuloy na lumahok sa mataas na antas ng pagsasanay para sa opisyal ng mga tripulante.

4. Paano magpaparehistro ang mga dayuhang tripulante na nais lumahok sa pagsasanay para sa opisyal ng mga tripulante?

Sagot:

- (1) Kung ang mga dayuhang tripulante ng mga barkong pangisda sa malapit na karagatan ay kwalipikadong tumanggap ng pagsasanay, kinakailangan punan ng may-ari ang form para sa rekomendasyon at isumite ito sa kinabibilangang samahan o asosasyon ng industriya ng pangignisda, at pagkatapos mapanayam sa online ng Fisheries Agency na sila ay mayroong abilidad na makipag-usap ng Tsino at Taiwanese, papangasiwaan ng Fisheries Agency ang kanilang pagsasanay.
- (2) Kung ang mga dayuhang tripulante ng mga sasakyang pangisda sa malayong karagatan ay kwalipikadong tumanggap ng pagsasanay, kinakailangang punan ng may-ari ang form na nagrerekomenda sa kanilang tumanggap ng pagsasanay, at isumite ito sa kinabibilangang samahan o asosasyon ng industriya ng pangignisda sa malayong karagatan.

5. Kinakailangan bang magsilbing opisyal ng mga barkong pangisda ang mga dayuhang tripulante pagkatapos ng pagsasanay?

Sagot: Ang mga tungkulin ng mga dayuhang tripulante sa loob ng barko ay itinatalaga ng mga may-ari ng sasakayang pangisda. Ang pagkumpleto ng mga dayuhang tripulante ng kanilang mga pagsasanay at pagkuha ng sertipiko para maging opisyal ng mga tripulante ay nangangahulugan lamang na kwalipikado silang magsilbi bilang opisyal, at hindi nangangahulugang sapilitan nilang kailangan maging opisyal ng mga tripulante sa barkong pangisda.

6. Matapos makuha ng dayuhang tripulante ang sertipiko sa pagsasanay para sa opisyal ng tripulante, habambuhay bang epektibo ang sertipiko?

Sagot: Ang kasalukuyang sertipiko ng pagsasanay para sa opisyal ng tripulante ay may bis ana pinakamatagal na limang (5) taon at kinakailangan itong i-renew isang (1) taon bago ang petsa ng pagtatapos nito.

7. Maaari bang magsilbi ang mga dayuhang tripulante bilang mga kapitan ng mga sasakyang pangisda?

Sagot: Ang mga dayuhang tripulante ay hindi maaaring magsilbi bilang mga kapitan ng mga Taiwanese na barkong pangisda, ngunit maaari silang magsilbing opisyal ng mga tripulante.

8. Kung ang mga dayuhang tripulante ay lumahok sa pagsasanay para sa mga opisyal ng mga tripulante, anong mga gastusin sa pagsasanay ang kinakailangan nilang bayaran? May ibibigay bang pagkain at tirahan?

Sagot:

- (1) Sa panahon ng pagsasanay ng mga dayuhang tripulante sa sasakyang pangisda sa malapit na karagatan, ang kanilang pagsasanay at tirahan (ang Kagawaran ng Kaohsiung ng Fisheries Agency ang magbibigay ng libreng tirahan) ay libre. Ngunit ang ibang gastusin sa pang-araw-araw na pamumuhay tulad ng inumin at pagkain, transportasyon, pang-araw-araw na pangangailangan at pangangasiwa ay sariling pananagutan.
- (2) Sa panahon ng pagsasanay ng mga dayuhang tripulante sa mga sasakyang pangisda sa malayong karagatan, ang bayad sa pagsasanay ay sasagutin ng may-ari (kumpanya ng pangangisda), at ang mga dayuhang tripulante ay hindi kinakailangang magbayad para sa pagsasanay at tirahan (ang Kagawaran ng Kaohsiung ng Fisheries Agency ang magbibigay ng libreng tirahan). Ngunit ang ibang gastusin sa pang-araw-araw na pamumuhay tulad ng inumin at pagkain, transportasyon, pang-araw-araw na pangangailangan at pangangasiwa ay sariling pananagutan.

9. Para sa mga dayuhang tripulante, sa sasakyang pangisda sa malapit na karagatan, na lalahok sa pagsasanay, magkano ang suweldo at bakasyong matatanggap sa panahon ng pagsasanay?

Sagot: Ang suweldo at bakasyon sa panahon ng pagsasanay ay dapat sumunod sa Batas sa Pamantayan ng Paggawa (Labor Standards Act):

- (1) Ang mga pinili ng may-ari na lumahok sa pagsasanay ay dapat bigyan ng karampatang pampublikong bakasyon at karampatang suweldo.
- (2) Kusang lumahok sa pagsasanay ang mga dayuhang tripulante:
 - a. Ang mga dayuhang tripulante na kumuha ng espesyal na bakasyon ay dapat bigyan ng suweldo.
 - b. Ang mga dayuhang tripulante na kumuha ng personal na bakasyon ay hindi dapat bigyan ng suweldo.

10. Saang lugar isasagawa ang pagsasanay para sa mga dayuhang tripulanteng gustong maging opisyal ng mga tripulante? Gaano ito katagal?

Sagot: Ang klase ay gaganapin sa National Kaohsiung University of Science and Technology Qijin Campus (Opisina para sa Pagsasanay ng mga Marinong Kawani).

- (1) Ang oras ng pagsasanay para sa second class chief engineer ay tatagal ng 84 na oras (10.5 na araw) at tatagal ang klase (disbisyon) ng 12 araw.
- (2) Ang oras ng pagsasanay para sa first class engineer at second class officer na lalahukan ng mga dayuhang tripulante sa sasakyang pangisda sa malapit na karagatan ay tatagal ng 192 na oras (24 na araw) sa loob ng isang (1) buwan ang klase (dibisyon).
- (3) Ang oras ng pagsasanay para sa first class engineer at first class officer ng mga dayuhang tripulante ng mga sasakyang pangisda sa malayong karagatan, dahil kabilang ang oras ng pagsasalin, ay tatagal ng 224 na oras (28 araw) ayon sa pagkakabanggit, sa loob ng isang (1) buwan ang klase (dibisyon).

11. Ang pagsasanay para sa opisyal ng mga tripulante ay may kasama bang tirahan at pagkain? May kinakailangan bang bayaran?

Sagot: Sa panahon ng pagsasanay ng mga dayuhang tripulante, magibigay ang Kagawaran ng Kaohsiung ng Fisheries Agency ng libreng tirahan; ngunit ang ibang gastusin sa pang-araw-araw na pamumuhay tulad ng inumin at pagkain, transportasyon, pang-araw-araw na pangangailangan at pangangasiwa ay sariling pananagutan.

12. Ano ang mga nilalaman ng pagsasanay para sa opisyal ng mga tripulante?

Sagot: Ang nilalaman ng pagsasanay para sa opisyal ng mga tripulante ay alinsunod sa mga kinakailangan ng 1995 International Convention on Standards of Training, Certification and Watchkeeping for Fishing Personnel, 1995 (STCW-F). Ang mga sumusunod ang nilalaman ng kurso:

- (1) **Kurso para sa second class chief engineer:** pag-aaral at pagsasanay sa makinaryang diesel sa mga maliit at katamtamang laking barko, proteksyon ng mapagkukunan ng tubig, pag-aaral at pagsasanay sa refrigeration unit, paraan ng pag-aabiso kung may emerhensiya dulot ng kalamidad, pag-aaral at pagsasanay sa paggawa ng metal, mga regulasyon sa konserbasyon, mga regulasyon sa dagat, pag-iwas sa aksidente sa dagat at paggawa ng ulat sa dagat, kuryente sa loob ng barko,

pag-aaral at pagsasanay sa kuryente sa loob ng barko, pagkontrol ng pinsala, pangasiwa ng komunikasyon, mga batas sa pangingisda, pag-aaral at pagsasanay sa auxiliary engine (kabilang ang makinarya sa pangingisda), pamumuno, engine log, mga etika sa propesyon.

(2) **Kurso para sa first class engineer:** pagpapatakbo at pagpapanatili ng planta ng kuryente ng barkong pangisda (kabilang ang aktwal na pagsasanay), katangian ng mga materyales, mga regulasyon sa kagamitang panlaban sa sunog, kagamitan para sa kuryente sa loob ng barko (kabilang ang aktwal na pagsasanay), awtomatikong sistema ng kontrol (kabilang ang aktwal na pagsasanay), pagkontrol ng pinsala (kasama ang aktwal na pagsasanay), sistemang auxiliary (kabilang ang aktwal na pagsasanay), sistema ng refrigeration, pagsusuri, pagkumpuni, at pagpapanatili ng kaligtasan ng mga makinarya, pag-iwas sa polusyon sa kapaligiran ng dagat, kaligtasan sa pagpapatakbo ng makinarya, tungkulin sa makina, pamamahala sa mga tripulante, mga regulasyon sa industriya ng pangingisda, pandaigdigang batas sa karagatan, proteksyon ng mga nilalaman ng dagat, pagpupulong ng klase.

(3) **Kurso para sa second class officer:** heograpiya at nabigasyon gamit ang radar sa malapit na karagatan (kabilang ang aktwal na pagsasanay), on-duty, elektronikong kagamitan pang-karagatan (kabilang ang aktwal na pagsasanay), meteorology at oceanography, compass, pag-iwas sa sunog at pagpatay sa sunog, kaligtasan ng buhay, mga pamamaraang pang-emerhensiya at gawaing pangkaligtasan, pagpapatakbo at pagmamaniobra ng mga sasakyang pangisda, katatagan ng mga sasakyang pangisda, pagkarga at pag-imbak ng mga huli, istraktura ng mga sasakyang pangisda, pangangalagang medikal, paghahanap at pagsagip, pag-iwas sa polusyon sa paligid ng karagatan, komunikasyon, interpersonal na relasyon, mga regulasyong at batas pangdagat, pananagutan sa industriya ng pangingisda, pagpupulong ng klase.

13. Isinasagawa ba ang pagsasanay sa wikang Tsino? Mayroon bang mga aklat-aralin sa Tsino?

Sagot:

(1) Ang mga dayuhang tripulante ng mga sasakyang pangisda sa malapit na karagatan ay lumalahok sa klase ng pagsasanay para sa mga mamamayang Taiwanese, at kumukuha ng mga klase kasama ang mga

Taiwanese. Ang mga klase ay itinuturo sa wikang Tsino (Mandarin at Taiwanese), at ang ibinibigay na aklat-aralin ay nasa Tsino.

- (2) Ang mga dayuhang tripulante ng mga sasakyang pangisda sa malayong karagatan ay lumalahok sa espesyal na klase ng pagsasanay para sa mga dayuhang opisyal ng mga tripulante, at itinuturo ang mga klase sa katutubong wika ng mga tripulante, at nagbibigay ng mga materyales sa pagtuturo ng isinalin sa katutubong wika ng mga tripulante.

14. Kinakailangan bang kumuha ng pagsusulit ang pagsasanay para sa mga opisyal ng mga tripulante? Ano ang nilalaman ng pagsusulit?

Sagot: Kinakailangan kumuha ng pagsusulit. Ang nilalaman ng pagsusulit ay ang mga sumusunod:

- (1) **Second class chief engineer**: mga pagsusulit tungkol sa diesel engine sa maliliit at katamtamang laking barko, pag-aaral ng kuryente sa loob ng barko, refrigeration unit, auxiliary engine (kabilang ang makinarya sa pangangisda), at pagtatapos ng pagsasanay, at iba pa, na may kabuuang limang (5) paksa para sa pagsusulit (ang mga pagsusulit ay nakasulat sa dalawang wika).
- (2) **First class engineer**: pagpapatakbo at pagpapanatili ng planta ng kuryente sa sasakyang pangisda, pagsusuri, pagkumpuni, at pagpapanatili ng sistema at makinarya ng refrigeration unit, auxiliary engine, awtomatikong sistema ng kontrol, mga katangian ng materyales, kuryente sa dagat, pagsusuri, pagkumpuni, at pagpapanatili ng mga kagamitan, sistema ng pagpapalamig at pagtatapos ng pagsasanay, at iba pa, na may kabuuang siyam (9) na paksa para sa pagsusulit (ang mga pagsusulit ay nakasulat sa dalawang wika).
- (3) **Second class officer**: on duty, compass, meteorology at oceanography, nabigasyon gamit ang radar, nabigasyon gamit ang radar, heograpiya at malapit sa pampang na nabigasyon, pagpapatakbo at pagmaniobra ng bangkang pangisda, at pagtatapos ng pagsasanay, at iba pa, na may kabuuang walong (8) paksa para sa pagsusulit (ang mga pagsusulit ay nakasulat sa dalawang wika).

15. Matapos makumpleto ng mga dayuhang tripulante ang pagsasanay at matugunan ang mga kinakailangan sa karanasan, paano nila makukuha ang sertipiko ng opisyal ng mga tripulante?

Sagot: Ilakip ang sumusunod na document at mag-aplay sa Fisheries Agency para sa sertipiko ng pagsasanay sa opisyal ng mga tripulante ayon sa kategorya nito:

- (1) Aplikasyon para sa sertipiko ng pagsasanay para sa mga opisyal ng mga tripulante ng sasakyang pangisda.
- (2) Isang kopya ng residence permit o ang liham ng pahintulot mula sa taga-emplo para sa kasalukuyang trabaho ng pangingisda sa karagatan.
- (3) Isang 2-inch na nakaharap na itaas na bahagi ng katawan at walang sumbrerong litrato na kinunan sa loob ng nakaraang taon.
- (4) Ang orihinal na sertipiko ng pagkumpleto ng propesyonal na pagsasanay para sa opisyal ng mga tripulante.
- (5) Ang orihinal na kopya ng katibayan ng pagtatrabaho na ibinigay ng may-ari ng barko.
- (6) Ang orihinal na kopya ng sertipiko ng pisikal na pagsusuri.
- (7) Bayad para sa Sertipiko ng Pagsasanay, NT\$125 (NT\$250 para sa first-class chief engineer).

16. Anong mga dokumento ang kailangan ihanda kapag nag-expire na ang sertipiko ng opisyal ng mga tripulante?

Sagot: Ang mga sumusunod na dokumento ay kailangang ihanda para sa pag-renew ng expiration ng sertipiko:

- (1) Aplikasyon para sa sertipiko ng pagsasanay para sa opisyal ng mga tripulante ng sasakyang pangisda.
- (2) Isang kopya ng residence permit o ang liham ng pahintulot mula sa taga-emplo para sa kasalukuyang trabaho ng pangingisda sa karagatan.
- (3) Isang 2-inch na nakaharap na itaas na bahagi ng katawan at walang sumbrerong litrato na kinunan sa loob ng nakaraang taon.
- (4) Ang orihinal na kopya ng sertipiko ng pisikal na pagsusuri.
- (5) Bayad para sa Sertipiko ng Pagsasanay, NT\$125 (NT\$250 para sa first-class chief engineer).

17. Mayroon bang paghihigpit sa oras o may deadline ba ang pag-aplay ng sertipiko ng pagsasanay para sa opisyal ng mga tripulante pagkatapos makumpleto ang pagsasanay para sa mga opisyal ng mga tripulante?

Sagot: Ang sertipiko ng pagkumpleto ng propesyonal na pagsasanay para sa opisyal ng mga tripulante ay balido sa loob ng limang (5) taon mula sa petsa ng paglabas nito. Kung lumampas sa limang (5) taon, kinakailangang

magbigay ng katibayan ng trabahong paglalayag sa loob ng nakaraang limang (5) taon.

18. Aling mga institusyong medikal ang maaaring puntahan upang mag-aplay para sa pisikal na pagsusuri para sa sertipiko ng pagsasanay para sa opisyal ng mga tripulante?

Sagot: Mga pampublikong ospital, mga ospital sa pagtuturo na binigyan ng kwalipikasyon ng sentral na karampatang awtoridad sa kalusugan, o mga klinikang pangkalusugan ng kagawaran ng kalusugan na kaanib ng munisipyo o pamayanan.

19. Paano matutukoy kung pumasa sa medikal na pagsusuri?

Sagot:

- (1) Paningin: Sa layong 5 metro, ang visual acuity ng parehong mata ay umabot sa 0.1 o ang naitama na paningin ay umabot sa 0.5 ng pagsusuri sa mata.
- (2) Kakayahang kumilala ng kulay: may kakayahang kumilala sa tatlong pangunahing kulay na pula, berde, at asul, at pumasa sa pagkilala ng pagbabago ng kulay.
- (3) Pandinig: nakakarinig ng pag-uusap sa layong 5 metro, pumasa sa pagsusuri sa pandinig.
- (4) Balakid sa wika: may kakayahang makipag-usap at pumasa sa pagsusuri sa mga balakid sa wika.
- (5) Normal ang paggamit ng ulo at leeg, gulugod, braso at binti, kamay at paa, at mga kasukasuan: normal na naigagalaw o kahit man may balakid ay kayang magtrabaho, at pumasa sa pagsusuri sa ulo at leeg, gulugod, braso at binti, kamay at paa, at mga kasukasuan.

20. Saan dapat ipadala ang mga impormasyon tungkol sa aplikasyon?

Sagot: Mangyaring ipadala ang inyong aplikasyon sa Taipei Hebei Building ng Fisheries Agency: 6th Floor, 100 Heping West Road, Section 2, Zhongzheng District, Taipei, Taiwan at markahan ng “Aplikasyon para sa sertipiko para sa pagsasanay sa opisyal ng mga tripulante”. Mangyaring makipag-ugnayan kay Ms. Chen sa 02-2383-5830 para sa anumang katanungan.

Para sa mga may-ari/tagapag-emploo

1. Ano ang mga benepisyong matatamo kung lumahok ang mga dayuhang tripulante sa pagsasanay para sa opisyal ng mga tripulante?

Sagot:

- (1) Ang mga dayuhang tripulante ay maaaring magsilbi bilang mga opisyal ng mga tripulante, maliban lamang sa posisyon ng kapitan, pagkatapos makakuha ng sertipiko ng pagsasanay ayon sa uri ng kanilang trabaho at kategorya.
- (2) Matapos makuha ng mga dayuhang tripulante sa mga sasakyang pangisda sa malapit na karagatan ang kanilang sertipiko ng pagsasanay, kinakailangang mag-aplay ang tagapag-emploo na ilipat ang dayuhang tripulante sa intermediate skilled worker (ang plano para sa pangmatagalang pagpapanatili sa mga may kasanayan na dayuhang manggagawa) alinsunod sa batas, kung saan rinerenew ang kontrata kada tatlong (3) taon at walang limitasyon sa dami ng beses, at hindi nabibilang sa restriksyon na hindi lalampas sa 12 taong ang pagtatrabaho ng mga manggagawang nasa pangisdaan ng karagatan ng Taiwan. Upang makapag-aplay para malipat sa intermediate skilled worker, kinakailangang matugunan ang isa sa mga sumusunod na salik upang makapasok sa intermediate level na trabaho:
 - a. Ang mga kasalukuyang nagtatrabaho ay patuloy na nagtatrabaho ng higit sa anim (6) na taon.
 - b. Ang mga manggagawang nagtatrabaho ng pinagsamang anim (6) na taon o higit pa na lumabas ng bansa at bumalik muli sa Taiwan upang magtatrabaho, ang panahon ng kanilang pagtatrabaho ay alinsunod sa itinakdang haba ng panahon ng Artikulo 52 ng Employment Services Act (12 taon para sa industriya ng pangigisda sa karagatan).
 - c. Ang mga tripulanteng nagtatrabaho sa Taiwan at ang kanilang pinagsamang haba ng panahon ng pagtatrabaho ay alinsunod sa itinakda ng Artikulo 52 ng Employment Services Act (12 taon para sa industriya ng pangigisda sa karagatan), at nakalabas na ng Taiwan.
- (3) Maaaring tumungo sa “Espesyal na Pahina para sa Impormasyon Tungkol sa Programang Pagpapanatili ng mga Intermediate Skilled Workers” sa website ng Ministeryo ng Paggawa sa: <https://fw.wda.gov.tw/wda-employer/home/mid-foreign-labor> para sa pangmatagalang pagpapanatili sa mga may kasanayan na dayuhang manggagawa.

2. Paano makakalahok ang mga dayuhang tripulante sa pagsasanay para sa opisyal ng mga tripulante.

Sagot:

- (1) Kung ang mga dayuhang tripulante ng mga sasakyang pangisda sa malapit na karagatan ay kwalipikadong tumanggap ng pagsasanay, kinakailangan punan ng tagapag-emplo ang form para sa rekomendasyon at isumite ito sa kinabibilangang samahan o asosasyon ng industriya ng pangignisda, at pagkatapos mapanayam online ng Fisheries Agency na sila ay mayroong abilidad na makipag-usap ng Tsino at Taiwanese, papangasiwaan ng Fisheries Agency ang kanilang pagsasanay.
- (2) Kung ang mga dayuhang tripulante ng ng mga barkong pangisda sa malayong karagatan ay kwalipikadong tumanggap ng pagsasanay, kinakailangan punan ng tagapag-emplo ang form para sa rekomendasyon at isumite ito sa kinabibilangang samahan o asosasyon ng industriya ng pangignisda.

3. **Anong mga kurso ng pagsasanay para sa mga opisyal ng mga tripulante ang sasalihan ng mga dayuhang tripulante? Pagkakumpleto ng pagsasanay, kaagad bang makakakuha ng sertipiko ng pagsasanay para sa opisyal ng mga tripulante?**

Sagot:

- (1) Ang mga dayuhang tripulante ay maaaring lumahok sa panimulang antas ng pagsasanay para sa mga opisyal ng mga tripulante tulad ng second class officer sa larangan ng pangignisda at nabigasyon, first class engineer at second class chief engineer sa larangan ng engineering. Matapos makumpleto ang kurso sa pagsasanay at makapasa sa pagsusulit, ang Fisheries Agency ang magsusuri at maglalabas ng sertipiko ng pagkumpleto ng pagsasanay. Matapos makuha ang sertipiko ng pagkumpleto ng pagsasanay, kung nagkaroon ng tatlong (3) taong pataas na pagtatrabaho sa larangan kung saan kumuha ng pagsasanay ang dayuhang tripulante sa sasakyang pangisda ng Taiwan, maaari itong mag-aplay ng naturang sertipiko ng pagsasanay para sa opisyal ng mga tripulante.
- (2) Ang mga nakatapos ng pagsasanay at kwalipikado para sa pagsasanay para sa mataas na antas ng opisyal ng mga tripulante tulad ng first class officer at first class chief engineer ay maaaring patuloy na lumahok sa mataas na antas ng pagsasanay para sa opisyal ng mga tripulante.

4. Para sa mga dayuhang tripulante na lumahok sa pagsasanay para sa mga opisyal ng mga tripulante dapat bang bayaran ng kanilang amo o tagapag-emplo ang kanilang pagsasanay?

Sagot:

- (1) Sa panahon ng pagsasanay ng mga dayuhang tripulante sa mga sasakyang pangisda sa malapit na karagatan, ang pagsasanay at tirahan (ang Kagawaran ng Kaohsiung ng Fisheries Agency ang magbibigay ng libreng tirahan) ay libre, Ngunit ang ibang gastusin sa pang-araw-araw na buhay tulad ng inumin at pagkain, transportasyon, pang-araw-araw na pangangailangan at pangangasiwa ay sariling pananagutan.. Upang linangin ang mga opisyal ng mga tripulante para sa mga sasakyang pangisda, maaaring isaalang-alang ng mga tagapag-emplo na bayaran ang gastusin sa malayuang paglalakbay.
- (2) Sa panahon ng pagsasanay ng mga dayuhang tripulante sa mga sasakyang pangisda sa malayong karagatan, ang gastos sa pagsasanay ay babayaran ng tagapag-emplo (kumpanya ng pangisda). Hindi kinakailangan ng mga dayuhang tripulanteng gumastos para sa pagsasanay at tirahan (ang Kagawaran ng Kaohsiung ng Fisheries Agency ang magbibigay ng libreng tirahan). Ngunit ang ibang gastusin sa pang-araw-araw na buhay tulad ng inumin at pagkain, transportasyon, pang-araw-araw na pangangailangan at pangangasiwa ay sariling pananagutan.. Upang linangin ang mga opisyal ng mga tripulante para sa mga sasakyang pangisda, maaaring isaalang-alang ng mga tagapag-emplo na bayaran ang gastusin sa malayuang paglalakbay.

5. Maaari bang magsilbi kaagad ang mga dayuhang tripulante bilang opisyal ng mga tripulante pagkatapos makumpleto ang pagsasanay?

Sagot: Pagkatapos makakuha ng mga dayuhang tripulante ng sertipiko na nagpapatunay na natapos nila ang pagsasanay, hangga't namalagi sila sa parehong posisyon kung saan sila ay sumailalim ng pagsasanay sa Taiwanese na sasakyang pangisda ng kabuuang tatlong (3) taon, maaari silang mag-aplay para sa sertipiko ng pagsasanay upang magtrabaho bilang opisyal ng mga tripulante para sa posisyon na iyon.